

Divine Mercy Sunday
2nd Sunday of Easter

Ang ikalawang Linggo ng Pasko ng Pagkabuhay, mga minamahal kong mga kapatid kay Kristo, ay itinalaga bilang *Divine Mercy Sunday*, Linggo ng Dakilang Awa.

Ano po ba ang katangian ng Dakilang Awa ng Panginoong Diyos? Ang kasagutan po ay ating natutunghayan sa binasang Ebanghelyo na tungkol kay Tomas (Juan 20, 19-31). Tatlong bagay po. Ano po ito?

Una, ang pagdating ni Jesus (v19)
Ikalawa, pagbibigay ng kapayapaan (v19)
At ikatlo, ang pagsusugo ni Jesus (v20)

Si Tomas ay tinawag ni Jesus. Hinirang Niya at naging alagad. Samakatuwid matagal na nakasama ni Tomas si Jesus. May pinagsamahan, ika nga. Si Jesus ay kanyang narinig, nakapiling at nasaksihan ang mga ginawang kababalaghan. Subalit si Tomas ay nag-alinlangan. Siya ay nagduda. Hindi siya makapaniwala na si Jesus ay muling nabuhay. Hindi niya matanggap-tanggap ang mga sinasabi ng kanyang kapwa alagad tungkol sa muling pagkabuhay ni Jesus. hindi siya naniniwala sa mga patotoo at pruwera ng mga nakakitang muli kay Jesus. Si Tomas ay sarado, matigas at buo sa kanyang paniniwala na "*maliban lamang na makita sa kanyang mga kamay ang tatak ng mga pako at maipasok ang aking daliri sa pinaglagusan ng mga pako at maipasok ang aking kamay sa tagiliran niya, hindang-hindi ako maniniwala*" (v25). Narito ngayon ang dakilang awa ng Diyos. Dumating si Jesus. Nagpakita si Jesus. Ipinamalas ni Jesus ang Kanyang sarili. *Mercy is presence*. Naroroon si Jesus. Dumating. Dumalaw. Hindi iniwan ni Jesus si Tomas sa kanyang pag-aalinlangan. Mayroon ginawa si Jesus. Pumunta si Jesus kay Tomas.

Ang dakilang awa ay ang pakikiisa ng Diyos sa atin. Ito ay higit pa kaysa pakikiramay. Mas mataas kaysa pakikidalamhati. Hindi lamang nagpakita. Hindi lamang nagparamdam. Si Jesus ay dumating. Siya ay dumamay.

Sa dakilang awa ng Diyos, tayo ay hindi iiwanan. Dahil sa dakilang awa ng Diyos hindi Niya tayo pababayaang. Tayo ay Kanyang hahanapin, pupuntahan at aakaying tayong muli upang makabalik Kanyang piling.

Mangyari pa dahil po sa awa natin sa ating kapwa tayo ay makikita nila, at tayo po ay kanilang mahahawakan. Tayo po ay kanilang kasama, katuwang at kaisa nila. Si Jesus po ay nagpahawak,

di po ba? Ang Kanyang paanyaya kay Tomas ay, "*ilapit mo rito ang daliri mo at tignan ang aking mga kamay. At ilapit ang kamay mo at ipasok sa aking tagiliran at huwag tumangging maniwala kundi manalig*" (v27).

Mga kapatid ko, ang pagiging maawain ay hindi nagdidiri o umiiwas. Ang dakilang awa ay hindi nagtatago o lumalayo. At sa higit pang nahihirapan at nangangailangan; sa mga taong higit pang nagdurusa at nadadapa, dahil sa ating awa, tayo ay dumarating, dadalaw at dadamay.

Ikalawa. Ang dakilang awa ng Diyos ay ang pagbibigay ni Jesus ng kapayapaan. Ang kapayapaan ay pagsasaayos. Ito ay mabuting pagkakaunawaan, tungo sa tunay na pagpapatawad. Noong muling nagpakita si Jesus sa Kanyang mga alagad, ang una niyang salita ay "*sumainyo ang kapayapaan*" (v21). Samakatuwid, mga kapatid, walang paninisi mula sa Kanyang mga salita at pagkilos. Walang hapdi, walang kirot o sugat sa Kanyang damdamin.

Hindi Siya nagalit. Hindi Siya nagdamdam. Kahit pa Siya ay tinalikuran, itinatwa at tinakbuhan ng Kanyang mga alagad sa oras ng Kanyang paghihirap at kamatayan. Si Jesus ay hindi humatol sa kanila. At kailan man ay hindi nagparusa.

Ang Kanyang awa ay ang pagkakaloob ng kapayapaan sa kabila ng mga masasakit na ginawa sa Kanya. Ang kapayapaan ay muling pagkakasundo. Kaya naman ang dakilang awa ng Diyos ay ang Kanyang patuloy na pagpapatawad sa atin.

Totoo po na tayo ay tulad din mga alagad ay tumatalikod at sa Kanya rin ay nagkakanulo. Totoo po na tayo ay tulad din ni Tomas ay nag-aalinlangan sa Kanyang pamamaraan at pananahimik sa ating paghiling sa mga panalangin.

Subalit dahil sa Kanyang dakilang awa, tayo ay patuloy Niyang hahanapin at tatanggapin. Tayo dahil sa Kanyang dakilang awa ay Kanyang papatawarin at mamahalin. Iyan po ang dakilang awa ng Diyos sa atin.

Let me tell you this story. It was a very busy morning at the hospital. Around 8:30 in the morning, an old man in his early eighties went inside a clinic. He wanted his bandage removed. He informed the nurse that he was in a hurry. He has another appointment at nine of that very same morning.

A nurse took notice of him, and being available at that time, attended to him. She evaluated the wounds, applied some ointment and made another fresh bandage on the arm of the old man.

While she was taking care of the old man, the nurse asked "*do you still have another doctor's appointment for any of bodily ailment.*" The old replied that he has none. And he added, "*I have to go to a nursing home to eat breakfast with my wife.*"

The nurse asked about his wife, "*how was your wife?*" The old man answered that his wife had been there for a while. She has Alzheimer. "*Would your wife be upset if you will be late for breakfast at nine o'clock?*" the nurse wanted to know.

He said that his wife no longer knew who he was, and that his wife had not recognized him in two years from now. The nurse was surprised and asked the old man, "*and you still go there every morning, even though your wife does not know who you are?*"

The old man replied, "*yes, she does not know me, but I still know who she is. And I still love her.*"

Mga kapatid, ano man ang atin ginawa kay Jesus, kahit tayo man ay tumalikod at nagtaksil sa Kanya. Kahit na tayo ay lumayo sa Kanya at nagkasala. Tayo pa rin ay Kanyang kikilalanin at tatanggapin. Tayo pa rin ay patuloy Niyang papatawarin at higit sa lahat ay mamahalin. At iyan ang dakilang awa ng Diyos sa atin.

Ikatlo. Ang dakilang awa ng Diyos ay ang Kanyang pagsusugo sa atin na Kanyang sinabi "*kung paanong isinugo ako ng Ama, ipinadadala ko rin kayo*" (v21). Ang pagsusugo ay pagtitiwala. Ang Diyos ay patuloy na naniniwala sa atin. Hindi nabawasan ang Kanyang pagtingin sa atin. Hindi naglaho ang Kanyang magandang balak para sa atin.

Mga kapatid, mahal pa rin tayo ng Diyos. Mahalaga pa rin tayong lahat sa Kanya. At Siya ay patuloy na umaasa sa ating pagbabalik-loob sa Kanya, sa ating pagbabago, sa ating muling paglilingkod sa Kanya.

Ang dakilang awa ng Diyos ay ang Kanyang pagtanggap sa atin, maging sino at ano man tayo. Ang dakilang awa ng Diyos ay ang Kanyang paghirang sa atin sa Kanyang ubasan. Ito ang dakilang awa ng Diyos, na tayo kahit na mahina o nadadapa. Tayo na kahit na marupok o walang-wala ay Kanyang pinili at pinagkatiwalaan na gumawa sa Kanyang pangalan.

Ito ang dakilang awa sa atin ng Diyos. Siya ay dumating sa atin buhay. Dumalaw at dumamay. Binigay Niya sa atin ang Kanyang kapayapaan. Tayo ay Kanyang pinatawad at ngayon nga ay Kanyang isinugo sa Kanyang mga kawan.

Mangyari pa, tanungin natin ang atin mga sarili: sino sila sa aking buhay ang nararapat kong puntahan, lapitan ant kausapin? Sino sila sa aking buhay ang nararapat ko naman patawarin at

muling pagkatiwalaan? Sino sila sa akin buhay na dapat kong dalawin at hilingin na ako ay kanya rin patawarin?

Mga kapatid, ang bilin sa atin ni Jesus ay "*maging maawain kayo gaya ng inyong Amang maawain*" (Luke 6,36).

✠Ruperto Cruz Santos, DD
Bishop of Balanga and CBCP ECMI chair